01

# PAGSISIMULA NG IYONG BUHAY

## SA SALITA NG DIYOS



Ang libretong ito ay magpapaliwanag kung paano natin mauunawaan ang Bibliya at kung paano tayo magkakaroon ng kasayahan sa ating pagbabasa ng Bibliya.

Ang BIBLIYA ay ang SALITA NG DIYOS. Sa pamamagitan nito ay may nais Siyang ipabatid sa iyo. Ang isang makulay ay maka-hulugang buhay Kristiyano ay karaniwang bunga ng Kanyang kalooban para sa iyo mula sa Kanyang Salita.



**Ang Matanda at Bagong Tipan ang siyang bumubuo naman sa tinatawag nating Bibliya (o salita ng Diyos). Ibinigay ito sa atin ng Diyos sa Kanyang pagnanasang magkaroon tayo ng kaugnayan sa Kanya, upang maranasan natin ang maayos at makahulugang pakikisama sa Kanya at upang matutuhan Siyang sambahin ng tapat.**

Sa a nagdaang kasaysayan ng sangkaatauhan, sinikap ng Diyos na ipabatid sa sangkatauhan ang Kanyang mga pagnanasa at kalooban.

Bago nagkatawang tao si Hesus, ang Diyos ay nakipag-ugnayan sa mga taong tapat (o malapit ang puso) sa Kanya na Kaniya ring mga ginamit upang sa pamamagitan nila ay maisulat ang Matanda at Bagong Tipan.

Pagkatapos nito ay ipinadala ng Diyos ang Kaniyang bugtong na anak na si Hesus na tinagurian namang "Salita ng Diyos" **(Juan 1:14)**

Nang si Hesus ay nabubuhay sa lupa at maging pagkatapos ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, muling gumamit ang Diyos ng ilang taong tapat at malapit sa Kanya na pinatnubayan Niya upang isulat ang mga Salitang nagmula sa bibig ni Hesus at ilan sa mga pangyayari sa Kanyang pagmiminis-teryo. Ang mga Kasulatang ito ang atin ngayong tinatawag na Bagong Tipan.

Ang Bibliya o ang Salita ng Diyos ang pinakamahalagang aklat na dapat basahin ng isang tao. Subalit maraming tao ang hindi nakauunawa sa sinasabi ng Diyos sa kanila sa Kanyang Salita.

**Malayong maranasan natin ang isang makahulugang kaugnayan o relasyon sa Panginoong Diyos kung hindi natin mauunawaan ang mga ibinabahagi Niya sa atin.**

Ang mga sumusunod ay ilang mga mungkahi na makatutulong sa iyong pagsisimula ng pag-aaral ng Salita ng Diyos.

Mahalagang itanim mo sa iyong isipan na ang pagbabasa ng Bibliya'y hindi katulad ng pagbabasa ng isang karaniwang libro.

**Ang Bibliya ay mula sa Diyos. Ito ang Salita ng Diyos na bigay Niya sa tao. Isipin mo rin na sa Aklat na ito, mayroong nais sabihin ang Diyos sa iyo.**

Samakatuwid, magbasa ka ng Bibliya na may ganitong saloobin:

*"Panginoon, ito ay Inyong liham ng pag-ibig at pagtatagubiln para sa akin. Bigyan N'yo ako ng pang-unawa at tulungan Mo akong sundin ang Iyong mga payo at mga kautusan."*

# PAGHAHANDA

## PAGHAHANDA

Sa iyong pag-aaral ng Salita ng Diyos ay kinakailangan mo ng mga sumusunod: Bukod sa Bibliya, kailangan mo ng lapis o ballpen, papel, at isang matahimik na lugar. Manalangin at hilingin sa Banal na Espiritu ang Kanyang pagpapat-nubay sa iyong pag-aaral.

Ang pag-aaral ng Bibliya ay may karaniwang tatlong hakbang:

1. PAGSISIYASAT
2. PAGBIBIGAY-KAHULUGAN
3. PAGSASAGAWA O PAGBIBIGAY KAGANAPAN

# PAGSISIYASAT

Sa hakbang na ito, ikaw ay magsisiyasat upang iyong matuklasan kung ano ang sinasabi ng mga talata. Maaaring kinakailangan mong basahin nang maraming ulit o kaya'y isulat ang talata, sa isang malinis na papel. Tanungin mo ang iyong sarili,

**"Ano ba ang sinasabi ng mga talata?"**

# PAGBIBIGAY-KAHULUGAN

Ang ikalawang hakbang ay batay sa katanungang

**“Ano ang ibig sabihin ng mga talatang ito?”**

**“Ano ang sinasabi nito tungkol sa Diyos at sa tao?”**

# PAGSASAGAWA O "PAGBIBIGAY-KAGANAPAN"

Sa hakbang na ito, maaari mong tanungin ang iyong sarili ng ganito:

**“Ano kaya ang gamit nito sa aking buhay o kalagayan?”**

Maaari mo ring itanong sa iyong sarili ang mga sumusunod

- **Mayroon bang utos na dapat kong sundin? Ano ang mga ito?**
- **Mayroon bang pangako na maaari kong angkinin? Ano ang mga ito?**
- **Mayroon ba akong pagkakasala na dapat kong ipahayag?**
- **Mayroon ba akong ugali (mga ugali) na dapat kong baguhin?**
- **Mayroon bang halimbawa na dapat kong tularan?**

## HALIMBAWA

Narito ang isang halimbawa kung paano susundin ang tatlong hakbang gamit ang talatang ***1 Pedro 5:7***

| PAGSISIYASAT | PAGBIBIGAY KAHULUGAN | PAGSASAGAWA |
| --- | --- | --- |
| Ano ang ibig sabihin ng "ipagkatiwala"?<br><br>Anu-ano ang mga kaba-lisahang ito?<br><br>Kanino natin ipagkakati-wala ang ating mga kabalisahan?<br><br>Bakit ko kinakailangang ipagkatiwala ang aking kabalisahan sa Kanya? | Ang Diyos ay labis na nagmamahal sa akin kaya nais Niyang ibigay ko sa Kanya ang anu-mang problema. | Kailangang ipagkatiwala ko ang aking mga problema sa Panginoon; ang takot na mabigo, ang pakikipag-ugnayan sa aking kapwa at iba pa. |

"Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong mga kabalisahan sapagkat Siya ang kumukupkop sa inyo."



Basahin ang **Juan 15:10-12**. Gamitin ang tatlong hakbang at gayahin ang halimbawa. Bayaang mangusap sa iyo ang Diyos. Ang tsart na ito ay inilaan upang magamit ninyo.

| PAGSISIYASAT | PAGBIBIGAY KAHULUGAN | PAGSASAGAWA |
| --- | --- | --- |
| | | |

cru

A caring community passionate about connecting people to Jesus Christ